

Mayo 15, 2020

Mahal naming mga magulang/tagapag-alaga at mga estudyante:

Re: COVID-19 impormasyon bulletin

Tulad ng anunsyo ng lalawigan sa araw na ito, ang ating Distrito ay babalik sa klaseng pagtuturo sa isang part-time na sitwasyon simula Hunyo 1, 2020. Nais naming bigyang-diin na ang transisyong ito ay isang boluntaryong opsyon para sa mga pamilya; magpapatuloy pa din ang remote na pag-aaral at suporta para sa mga mag-aaral ng essential service workers. Patuloy kaming kukuha ng direksyon mula sa Ministry of Education and the Provincial Health Office. Tulad ng dati, kami ay nakatuon sa kalusugan at kaligtasan ng aming mga mag-aaral, kawani at pamilya. Patuloy nating susundin ang lahat ng alituntunin at pamamaraan na ipinapayo nina Dr. Bonnie Henry at WorkSafeBC, katulad ng ginagawa natin nitong nakaraang dalawang buwan. Sa pagsulong ng susunod pang mga linggo, kami ay magtatrabaho kasama ng aming mga kawani upang isagawa ang plano ng lalawigan. Maaari mong basahin ang plano ng lalawigan sa komprehensibong dokumento [dito](#).

Lahat tayo ay nakakita ng mga pagbuti sa pakikipaglaban sa COVID-19 sa ating lalawigan. Mahalagang malaman ng mga pamilya na tayo ay bumabalik sa pagtuturo sa klase para sa sumusunod na mga dahilan:

- Ang bilang ng mga kaso at epekto sa kalusugan ng BC ay bumababa.
- Ang mga estudyanteng vulnerable ay sadyang apiktado at nangangailangan na magkaroon ng sesyon sa paaralan.
- Ang pagsisimula ngayon ay kaakibat ng pag-babalik ng klase sa Setyembre.

Alam namin na ang susunod na ilang linggo ay magiging mas mahirap pa para sa mga estudyante, empleyado, at pamilya. Naiintindihan namin na ang paglipat sa isang bahagyang pagbabalik paaralan para sa lahat ng mga mag-aaral sa buong District ay nagiging sanhi ng ilang pagkabalisa at stress. Maaaring madama ng ilang magulang na gusto nilang panatilihin nasa bahay ang kanilang mga anak dahil sa takot. Naririnig namin kayo. Sinusuportahan namin kayo. Gusto naming malaman ninyo, may opsyon kayo kapag handa na ang iyong pamilya. Ang aming kawani ay naghahanda nang ilang linggo sa paggawa at pagpapatibay ng mga plano sa kalusugan at mga protocol sa aming mga paaralan. Ang ating sistema ay napatunayang matagumpay sa ating mga paaralan. Inaasam naming magpatuloy ang momentum na ito habang lumilipat kami sa Stage 3, naghahanda, at pagkatapos ay malugod na tatanggap sa aming mga estudyante sa loob ng klase.

### **Stage 3 Guiding Principles**

Gusto kong ilahad ang mga alituntuning gagabay sa pagsulong natin nito:

1. Panatilihin ang isang malusog at ligtas na kapaligiran para sa lahat ng mga mag-aaral, pamilya at empleyado.
2. Magbigay ng mga serbisyo upang suportahan ang mga anak ng essential service workers.
3. Suporta sa mga estudyanteng maaaring nangangailangan ng espesyal na tulong.
4. Magbigay ng patuloy na pagkakataong makapag-aral para sa lahat ng estudyante.

### **Stage 3 Expectations**

Sinasaad ng table sa ibaba ang minimum na halagang inaasahan para sa in-class instruction sa **Stage 3**.

<b>Grade Level</b>	<b>Number of Days</b>	<b>Percent of Days</b>
K-5	2 to 3 days per week	Humigit kumulang 50%
Grade 6-7	1 day per week	20%
Grade 8-12	1 day per week	20%

### **Information Gathering to Help Plan Stage 3**

Para makatulong sa aming pagpapalano, ang Distrito ay magbibigay ng impormasyon mula sa mga pamilya sa susunod na linggo. Ang Distrito ay kukonekta sa mga pamilya upang maunawaan kung ilang estudyante ang babalik sa pagtuturo sa klase. Mangyaring gawin ang iyong makakaya upang ibigay ang kinakailangang impormasyon sa kaukulang panahon. Kailangan namin ang inyong tulong para matiyak na maaari nating suportahan ang lahat ng estudyante at kanilang pamilya na may kalusugan, kaligtasan, at mga pangangailangang pang edukasyon.

Patuloy kaming natututo at magbabahagi ng mga impormasyon sa inyo. Bago ang pagpapatupad ng Stage 3, magaabiso kami ng karagdagang impormasyon sa mga pamilya sa Mayo 22<sup>nd</sup>. Alam natin na maraming kayong katanungan. Hinihiling namin ang inyong pangunawa habang kami ay humahanap ng kasagutan.

### **Stage 4 Continues**

Sa linggong ito, ang Distrito ay malugod na tumanggap ng mga anak ng essential service workers. Kami ngayon ay sumusuporta sa tinatayang 400 mag-aaral sa buong distrito. Pinasasalamatan namin ang lahat ng estudyante, kawani at mga pamilya sa kanilang tulong upang gawing maayos ang transisyon. Sa susunod na linggo, ating lalawakan ang supportang in-person para mas marami pang mag-aaral. Ang aming mga guro at kawani ay patuloy pa ding magbibigay ng remote na pag-aaral pati na rin ang suporta sa kalusugan at kaligtasan.

Habang tayo ay tumutungo sa mahabang katapusan ng linggo, mangyaring magsaya kayo kasama ang inyong mga pamilya. Salamat sa inyong patuloy na suporta. Manatiling ligtas at malusog!

Taos-puso



Gord Stewart  
Superintendente ng Paaralan